

1st Sunday after Christmas - December 29, 2024
Homily by Bp. Romie- Jun Peñalosa

Praise God. Pagkatapos ng Misa natin, we will come together to fellowship as one big family.

Our church community is a family of families. Amen?

So, right after ng Misa natin, sasalo-salo tayo sa labas, we will have a time to fellowship.

Hindi masarap ang pagkain kung walang pagsasalo. Okay?

The most important thing is not the food itself, kahit nga tinapay at wine lang yan.

Kung merong pag-ibig at pagmamahal sa bawat isa, that becomes the flesh and the body, the body and the blood of Christ.

Ganon din yung pagkain. Kahit na tuyo lang ang ulang, kung nagmamahalan ang pamilya,

ang lasa ng tuyo ay parang lechon-manok. Okay?

Pero kahit na lechon ang kinakain ng pamilya at nag-aaway naman, walang lasa yung lechon na yan.

What makes the blessing of God, yung mga pagpapala, yung biyaya ng Diyos, what makes it enjoyable,

what makes it a true blessing to us is when we learn to love God and we learn to love each other.

Kaya pagreklamo na tayo ng reklamo tungkol sa buhay natin, nakakalimutan natin yung relasyon natin sa Diyos at sa bawat isa.

Kasi kung titingnan mo talaga sa buhay mo, lahat ng kailangan mo ay binigay ng Diyos.

Bakit hindi ka nag-i-enjoy? Okay?

Why are you not enjoying your life when everything you need has been provided for?

I remember kinikwento ko sa inyo one time, nanonood ako ng basketball.

I was watching and I was so feeling down kasi hindi na ako makatakbo, hindi ako makatalon.

I can't play basketball anymore. I was watching the people, yung mga bata naglalaro.

Sabi ko sana pwede pa akong mag-basketball.

So habang nanonood ako, I was feeling sorry for myself.

But beside me, hindi ko napansin sa tabi ko, may taong nakatayo nanonood din wala ng paa.

Putol yung paa niya.

Mas mabuti pa ako, kahit na hindi ako makapag-basketball, I can still walk with my two feet.

Yung iba wala na.

Why are we not grateful for the things we have?

Why? Because we still continue to look at the things we don't have.

We focus on the things that we don't have.

We focus on the things that is not meant for us, instead of looking at the things God has already given us.

And today, I would just like us to focus that the greatest gift that God could give you are not material things.

The greatest gift that God could give us as a people is relationship.

Yan ang pinaka-importante bagay.

Yan ang sinasabi natin palagi na hindi naman importante, importante may pagkain.

Tingnan mo pag nawalan ka ng nanay, tingnan mo pag nawalan ka ng tatay, nawalan ka ng asawa, nawalan ka ng anak, doon mo ma-realize kung gaano ka-importante yung mga bagay na yan.

How important are these people?

So Christmas for me is a time to focus on what God has already given to us, not on the things we don't have.

We focus more on relationship.

We focus more on family at this time.

But before we go to the gospel, let us look at the first reading.

I'll try to make my homily short kasi alam ko, excited na tayo sa party.

So paksiin ko lang yung homily.

Ang first reading natin talks about salvation of God.

God did not just save us from sin.
Sinasabi dito na Isaiah,
He clothed us with the garment of salvation and put on the robe of
righteousness.
What is Isaiah trying to say?
God did not just save you from sin.
God did not just give you a ticket to go to heaven.
The greatest gift that God has given us is not just the salvation of God,
but He also gave us righteousness.
What is righteousness?
What is righteousness?
Righteousness is right standing with God.
In other words, when you approach God,
when you approach God,
there is nothing, nothing that could stand between you and your God.
Not even your sin.
Maraming taong ganyan ayaw lumapit sa Diyos dahil may pagkukulang, may
kasalanan.
You see, God does not look at our sin.
God has taken away our sin away from us as far as the east is from the west.
That's how God removed our sin.
Nagkikita ba yung east tsaka west?
Magtatagpo ba yan?
Hindi.
Ganyan kalayo.
Ganyan kalayo yung tinanggal ng Diyos yung kasalanan mo.
Away from you.
Tayo lang naman mahilig mag-isip ng kasalanan natin.
We continue recounting our sins to God.
Binibilang natin yung kasalanan natin
at kinikwento natin sa Diyos para maawa ang Diyos.
Hindi na kailangan.
Alam na alam ng Diyos yung detalye ng kasalanan mo.
Ang kasalanan mong ginawa noon,
yung ginawa mo ngayon,
at yung gagawin mo pa.
Alam na ng Diyos yan.
But He gave you a gift.
The gift of righteousness.
That no matter how much we sin and you know we fail against God,
when you stand before God,
you are in right standing with Him.
Amen?
Righteousness.
God looks at us as righteous.
Why?
We did not produce our own righteousness before God.
Sabi nga sa scripture,
your righteousness,
you're trying to be good.
You're trying to be nice before God.
Sabi niya, it's a filthy rug.
It's nothing.
You cannot be good in front of God.
Kahit anong gawin mo.
Kahit na maging mabuti at mabait ka,
kulang pa rin yan.
It is God Himself who bestows His righteousness on you.
Amen?
Naalala ko sa book of Genesis,
when Eve and Adam sinned against God,
nung nagkasala sila sa Diyos,
tumago sila.
They hid from God.

Tago sila ng tago, kita naman.
Okay?
But when God saw them,
alam mong ginawa nila?
Ginawa nilang dalawa?
Kumuha sila ng dahon.
Namita sila ng dahon at tinakip nila sa sarili nila
dahil nahiya sila sa Diyos.
Dahon lang yan.
Kita pa rin yan.
Okay?
They took leaves kasi nahiya sila.
Awkward sila sa Diyos.
Nahihiya sila dahil ubad sila.
Kinuha nila yung dahon at tinakip nila sa sarili nila.
But before God left them,
you know what God did?
God killed an animal.
Took the skin,
kinuha niya yung balat ng hayop na yan
at tinakip sa kanila.
Which they cannot do for themselves.
It is God who bestows righteousness upon us.
Kaya pag nagdadasal tayo, may kasalanan tayo,
don't look at yourself.
When you come in front before God,
you look at your God,
your God who loves you so much
and clothe you with righteousness.
You talk to Him.
Don't have confidence in yourself.
Have confidence in your God
who bestows righteousness on you.
Ito ang sinasabi ni Isaiah.
Our second reading reminds us
that we are adopted as God's children.
Again, sa pagmamahal din ng Diyos sa atin.
We are not biological children of God.
We are adopted sons and daughters of God.
Anong kinaiba ng adopted tsaka biological?
Kwentong nga ng isang batang maliit,
pumunta siya sa school,
pinagtawanan siya ng mga classmates niya.
Sabi ng classmates niya,
Ay, adopted. Ay, adopted.
Ampun, ampun, ampun.
So, yung bata, hindi niya alam.
So, umuwi siya sa bahay nila.
Sabi niya, Mama, Papa, ano yung ampun?
Ah, sabi ng nanay,
yung ampun, ibig sabihin niyan, mahal.
Mahal ng nanay at tatay.
Ah, ganun ba?
Ampun daw ako?
Sabi niya,
Ano ba, Mama, yung ampun, hindi tunay na anak?
Naroon ng bata.
At itong sabi ng tatay,
Hindi totoo yan.
Sabi niya, yung ibang anak, yung ibang bata,
binigay ng Diyos,
hindi namili yung nanay at tatay.
Binigay na lang sa kina,
O, yan anak mo.

Lumabas sa tiyan mo.
O, yan anak mo.
Hindi namili yung nanay.
Sabi niya,
Ikaw, sa sobrang pagmamahal ng Diyos,
ang sabi ng Diyos sa amin,
mamimili kami.
At ikaw yun.
Ikaw ang pinili namin.
So, pag uwi ng bata,
pag balik niya sa school,
sabi niya,
Hoy, mga kaklasi,
ampun, ampun, ampun.
Proud na proud na siya.
Pinili ako ng tatay ko.
Kayo, hindi kayo pinili.
Lumabas na lang kayo.
Diba?
Ako, pinili talaga.
Sa kadamidaming bata.
Sabi ng tatay at nanay ko,
Ikaw.
Ikaw ang gusto namin.
That's what God did to us.
We did not choose God.
God chose us.
Bakit ka pinili ng Diyos?
Dahil hindi ka pa pinapanganak,
mahal na mahal ka na ng Diyos.
God already saw you.
That's how brilliant His mind is.
Even before we were born,
God already saw you.
God already loved you
with all His heart.
Amen? Ganyan ang Diyos.
And,
He talks about being adopted
as sons and daughters,
that's why He reminds us,
because you are sons and daughters,
adopted maybe,
not begotten by the father,
but adopted as sons and daughters,
you are now heirs of God.
Ano ibig sabihin ng heirs?
Sa spanyol pa, heredero.
Okay?
Manunubli.
Everything that belongs to the father
belongs to you and me.
Amen?
We are,
we have an inheritance.
And what are we going to inherit
from God the Father?
Everything.
It's my father's good pleasure to give you
not half of the kingdom,
not one-fourth of the kingdom,
it's my father's good pleasure to give you
the kingdom itself.
Ibibigay ng Diyos sa ate.

Ang maganda lang,
hindi tayo madamot,
kaya kahit marami tayo,
mga anak ng Diyos,
nagsissharing tayo.
Kasi hindi natin maubos.
Hindi natin maubos yung biyayan ng Diyos.
Ang dami talaga ng blessing ang Diyos.
But God wants us to inherit that.
Diba?
Even though we are adopted,
sabi niya,
we are co-heirs with Christ.
Sino ba yung mga may alam dito sa law?
Yung mga lawyer,
o si Fiscal Sol, nakikita ko.
Yung adopted,
tsaka yung tunay na anak,
pareho ba yung mana nila?
Ha?
O mas lamang yung tunay na anak?
Pareho, diba?
Oo.
It's the same.
Kung adopted ka,
yung isa tunay na anak,
yung mamanahin nyo,
walang lalamang.
Pareho lang.
Yung tunay na anak,
yung adopted,
they have the same inheritance.
That's what God is trying to tell us.
You are adopted in the sense that
I chose you.
Pinili ko kayo.
You are adopted.
But as far as my kingdom,
as far as the blessings of God,
you share what Christ have.
You are co-heirs with Christ.
Could you just imagine that?
Yung mundo natin,
ito yung earth na to,
isa lang to sa linikha ng Diyos.
It is one of the planets that God made.
God made so much
and so many things beyond our imagination.
And God is willing
to give that to us all.
Why?
Pakit hindi nagtitira ang Diyos sa sarili niya?
Diyos kasi siya.
Wala siyang kailangan.
Lahat ng nilikha ng Diyos,
everything that God created,
everything that God made,
is for His children.
Para sa atin.
Kaya itong 2025,
sana magumpisa tayo,
walang worries.
Can you tell the person beside you,
don't worry.

Okay, tell the other one,
be happy.
Okay.
Walang worries.
Because everything,
everything that you see around you
is God's gift to you.
Amen?
His blessings will overtake you
wherever you go.
Hindi yung hinahabol mo yung blessings mo.
Just walk with your Father.
Hold your Father's hand.
Hawakan mo yung kamay ng tatay mo palagi.
At huwag kang lumayo sa tatay mo.
Bakit?
Yung blessings niya,
hahabulin ka.
Kahit saan ka pumunta,
kahit gaano kabilis yung lakad mo,
His blessings will always overtake you.
Kaya minsan,
hindi ko pa hinihingi.
Nakikita ko na kaagad.
Okay, there are things that I desire in my life.
Hindi ko hinihingi sa Diyos.
Not because I'm not confident.
I don't ask it because okay naman pag wala eh.
Okay?
Pero yung bagay na kailangan ko talaga,
hinihingi ko.
Pero may mga bagay na gusto ko.
Gusto niyo malaman?
Hawak ko na sasabihin sa inyo.
There are things that I desire,
I don't tell anyone.
I just desire them.
I don't even pray for them.
Kasi kung hindi naman ibibigay ng Diyos,
okay lang.
Diba? Okay lang.
Diba? Okay lang.
Kung may magbigay ng Mercedes, okay.
Kung wala naman akong Mercedes-Benz
sa buong buhay ko,
okay din ako.
Mabubuhay ako.
There are things that I desire
but I don't pray because I don't need it.
But you know what?
Alam nyo,
ang Diyos natin,
kahit hindi mo hinihingi,
alam Niya
na gusto mo yan.
And the scripture says,
the scripture says,
if you delight yourself in the Lord,
He will give you
the desires of your heart.
Even though you did not ask for them,
ibibigay na lang ng Diyos sa'yo.
Amen?
Sino sa inyong gusto niyong humabang buhay niyo?

Okay.

Yeah.

Pero hindi ko hinihingi kay Lord yan
kasi sabi ko,
Lord, pag nagawa ko na yung trabaho ko,
sapat na sa akin yan.

You take me away when my work is done.

But sana, diba?

Sana umabot pa ng 80.

But I'm not asking for it.

Who knows?

Who knows?

Baka ako yung umabot ng 120.

Hindi ko,

hindi ko naman hinihingi.

I'm not asking for it.

Importante sa akin,
nagawa ko yung trabaho ko,
then I go home to the Lord.

Yun lang naman.

But there are things that you desire
that God will give you.

We are heirs of God.

As adopted children of God,
everything that God has
is already being prepared for you.

Pero sabi niya,

but while the heir is child,

habang bata pa yung heir,

ayaba, may guardian yan.

Okay?

May guardian yan.

Mahirap naman yung

bigay kaagad ng Diyos sa atin lahat.

Araw-araw, palit tayo ng cellphone.

Araw-araw, magpapalit ka ng cellphone.

So,

dahil hindi kaya ng Diyos,

kaya ng Diyos yan.

Ang problema,

hindi kaya ng utak mo.

Baka masunog.

Okay?

Sa sobrang daming gadgets.

So that's why you need a guardian.

That's why God disciplines us,

preparing us so that

when the right time comes,

you're ready for the blessing,

He showers it on you.

Amen?

Sino sa inyong humihingi

ng isang milyon sa Diyos?

Hindi kayo humihingi.

Kailangan natin, ha?

Humihingi kayo.

Kung ayaw nyo,

humihingi pa rin kayo,

ibigay nyo lang sa simbahan.

Okay?

You're going to ask money from the Lord.

Sabi ko kay Lord,

Sa plano natin for 2025,

we're going to go into mission.

Meron tayong tinatapos na simbahan ngayon.
At 2025,
we might start building another church.
Magkano kailangan ko?
Isang libo?
Hindi.
I would need millions.
Our family,
St. Michael's Church,
we need millions
for us to be able
to fulfill those things
that we need to do for God.
So magkanong hinihingi ko sa Diyos?
Magkanong hinihingi ko sa Diyos?
Okay. Malaking hinihingi ko kay Lord.
Nasa faith goal ko yan
para sa simbahan.
Pero itong sinasabi ng Diyos,
Kung sa isang libo,
hindi tayo nagtatights,
hindi tayo nagbibigay
and share with other people,
bakit bibigyan ka ng Diyos ng isang milyon?
Hindi ka humarunong humawak ng isang libo.
Okay?
Okay?
Alam ko si Josel at si Fr. Haynes
may lilalaan na isang milyon
para kay Naomi,
tsaka kay Sela,
kay ASAP.
Pero ibibigay nyo na ba?
Bigay nyo bukas?
Ayaw daw sabi ni Josel,
wag, wag.
Nagbibigay mo yan,
naku, mauubos yung lahat ng candy sa grocery.
Yun ang bibilhin niya.
That's why they have to
teach the children,
discipline the children
until the day
na marunong sila humawak ng pera,
walang maiiwan sa nanay at tatay nila,
lahat yan para sa kanila.
Amen?
Hindi ako naniniwala
magbibit-bit sila ng pera
Not a single centavo
will they bring with them.
They will leave it to their children.
Yan ang sinasabi ng second reading natin.
As long as the heir is still a child,
God,
God
will put guardians over us
to train us,
to teach us.
Now going back to the gospel.
Ang gospel natin today is very,
very colorful.
Nagugustuhan ko talaga itong gospel.
Binabasa to towing Christmas.

It's about an old man
named Simeon.
Simeon, sabi sa scripture,
he was a righteous man.
That's why I'm talking about
the righteousness of God.
He was a devout person.
In other words,
he's so devoted to God.
So one day,
nandun siya sa bahay niya,
o saan siya?
The Holy Spirit came upon him.
And the Holy Spirit said to him,
go to the temple.
Pumunta ka sa temple.
Sinabihan siya.
And as an obedient person,
pumunta siya sa temple.
Ang hirap kaya iyon para sa kanya.
You know, some people say that
Simeon is about 120 years already.
Kasi merong sinabi
ang Diyos kay Simeon.
Sabi ng Diyos sa kay Simeon,
you will never die
until you see the Messiah.
Ang sarap nun, di ba?
Kahit na magkasakit siya,
alam niya, hindi siya mamamatay.
Wala siyang takot sa aksidente.
Alam niya, hindi siya mamamatay.
Hanggat hindi niya nakikita yung Messiah.
That's what the Holy Spirit told him.
But there was just something
parang may drawback.
Sobrang tanda niya na.
Okay?
Matandang matanda na si Simeon.
Then one day the Lord spoke to him
and said, go to the temple.
You go to the temple
kasi ito na yung inaatay mo buong buhay mo.
Siguro lahat ng kamag-anak niya,
lahat ng kaibigan niya, patay na.
Siya na lang mag-isa.
Walang taong,
wala na siyang masyadong kakilalas sa kanya.
Di ba?
That's the price to pay
when you get very old.
Nobody will know you anymore.
Sino ba yan?
Ayawan ko.
Mukhang aswang.
Sobrang tanda.
But the Lord spoke to him
and said, you go to the temple.
Simeon, punta ka sa temple.
Then he went there.
And true enough,
when he was in the temple courts,
Joseph brought his family to the temple.
Dinala ni Joseph

yung pamilya niya dun sa temple.

Mary and the baby Jesus.

Why?

Because it was time for Mary
to offer up his sacrifices
for purification.

Ganyan yung mga babae noon.

Pag nanganak sila,
they're given time
to take care of the children.

Then after that,
they have to go to the temple
to offer up to God
an offering for purification.

Okay?

Part ng ritual nila yan.

So si Mary, it was her time
kasi kakapanganak niya kay Jesus.

Then,

like all Jewish women,
she has to go.

She's not exempted.

Walang sinabing Diyos na.

Anak ka naman ni Jesus e.

Libri ka na.

Exempted ka.

Walang ganyan.

So Mary went to the temple
to offer her sacrifices
for purification.

Jesus, as the firstborn son,
has to be brought to the temple.

Ano naman yung gagawin
sa firstborn son?

The firstborn son,
according to tradition
and the law of Israel,
every firstborn male child
is to be consecrated to the Lord.

Sino bang mga firstborn dito?

Firstborn male, lalaki.

Sino?

Ayaw na mag-raise ng hands.

Okay?

Yung unang anak na lalaki,
these are consecrated to the Lord.

To consecrate means you're separated.

Ginapain ka.

Okay?

You are being separated for?

For the Lord.

Amen?

Kaya yung mga panganay na lalaki,
huwag yung kalimutan,

para kay Lord kayo.

Huwag yung ibigay yung sarili nyo sa demonyo
kasi hindi kayo para sa demonyo.

Para sa Diyos kayo.

Okay?

Remind parents,
remind especially the firstborn male,
ang unang lalaki na lubabas sa'yo,
remind them of that,
that they belong to God,

they are consecrated for God.

Amen?

Joseph brought his family there.

Noon nandun na sila sa temple courts,

suddenly, Simyon, yung matanda,

nahanap niya, tingin-tingin siya,

maraming tao yan sa temple courts.

But the Holy Spirit was able to lead Simyon

at tinuro ng Holy Spirit,

yan.

So siguro iniisip ni Simyon,

yung Savior natin,

yung Messiah,

siguro comes from a very rich family,

mayama na pamilya siguro.

Siguro yung nanay at tatay nito,

talagang kontodo,

mabongga yung damit,

yun ang hinahanap siguro ni Simyon.

But when the family came,

Joseph, Mary, and Jesus,

they were not opulent family,

they are just an ordinary family.

Just like your family and my family.

Ordinary yung tao lang sila.

Amen?

Ang pamilya natin

ay ordinary yung pamilya.

Bakit ordinaryo lang tayo?

Because we are given the chance

to live simple lives.

Gusto nyo maging maligayang pamilya nyo?

Simplify your life as a family.

Amen?

Huwag masyadong,

huwag nyo i-complicate ang family nyo.

The more complicated,

darating ng panahon,

pag yung anak kakausapin niyang tatay niya,

mag-a-appointment muna siya,

sobrang komplikado na yan.

Yung asawa,

pwedeng tatabi sa asawa niya,

pag-schedule niya,

at may appointment siya.

Masyadong komplikado na yan, diba?

Make it simple.

Umaman man kayo,

dumami man ang milyon nyo sa banko,

it's still a choice.

You can complicate the life of your family,

or you can just simplify it.

Amen?

Mahirap, mayaman,

the choice is ours.

Will we complicate,

or will we just simplify our life?

Simpleng buhay,

simpleng problema.

Okay?

Komplikadong buhay,

ang problema mo ay palaging komplikado din.

But if you simplify your life,

you will simplify the problems that you will face.

Ganito ang pamilya na ito.
So, paano ko nalaman na hindi sila masyado mayaman?
Kasi ang dala ni Mary na offering,
ibon lang.
Kasi sinabi dun sa layan nila,
pag mayaman ka,
and you're going to offer up an offering for purification,
dapat,
dapat,
baka ang dala mo.
Hindi baka ang dala ni Mary.
Kasi sabi din sa law,
pag hindi mo kaya yung baka,
magdala ka lang ng kalapati.
Pwede na yun.
Anong dala ni Mary? Baka?
Ha?
Ibon lang ang dala niya.
Because they are a simple family.
So when they went there,
nandun na sila, naglalakad sila,
minding their own business,
suddenly, Simeon,
the Holy Spirit came upon him.
Itong maganda.
Alam mo,
hindi tayo lahat propeta.
Maraming krisyano ngayon gusto maging propeta.
We may not be prophets.
I am not a prophet.
But when the Holy Spirit comes upon you,
you will speak as a prophet.
Okay?
Sabi ko, si Simeon was not a prophet.
But the Holy Spirit came upon him.
Why? Because he is a righteous man.
He is a righteous man.
And he is a devout person.
His righteousness,
he draws it from his relationship with his father.
Diyan ka kumukuha
ng righteousness mo.
Hindi sa sarili mo.
Yung pagpapakabait mo
at magaling na tao.
Hindi yan.
He was righteous in the sense that
kapit ng kapit siya sa Diyos niya
bilang tatay niya.
That's why he has a righteousness
that comes from the Father Himself.
And so when Simeon saw Jesus,
nun nakita niya na si Jesus,
Wow!
Then words of prophecy came out from his mouth.
Okay?
Kaya yung famous song of Simeon,
Lord, you can now set your servant free.
Pwede na akong mamatay, Lord.
Sumaman ako dun sa mga
lola at lolo, nanay, tatay ko.
Pwede na akong bumalik dun sa mga barkada ko.
Wala na sila dito sa mundo.
Now, Lord, you can set your servant free

to go in peace as you have promised.
The Lord promised him that
the moment he sees the Messiah,
he can now rest in peace.
To go in peace as you have promised
for these eyes of mine.
O yung mga nagsisimpa sa gabi.
Nung dimitis to. Diba?
Responding canticle natin.
For these eyes of mine have seen my Savior
a light for the nations
and the glory of his people Israel.
Hindi ko masyado ma-memorize.
But basically, that's what Simeon said.
He prophesied. Now, take note.
Take note.
Alam mong ginawa ni Simeon?
Alam mong ginawa ni Simeon?
Nung nakita niya si Jesus,
kinuha niya sa nanay.
And carried that child in his arms.
Etong tanong ko,
hindi man lang nagreklamo si Mary?
Alam mo, nung nandun kami ni Alice sa Antike,
sinabihan kami,
wag nyong pahawakan yung anak nyo sa iba.
Sino mga nanay dito?
O, diba?
Don't let anyone touch your child.
Evil eye.
Lalo na dun sa lugar namin, maraming...
So, sabi nila kay Alice,
Alice, wag mong pahawak yan kahit kanino.
So, nag-usap kami ni Alice,
sabi ko, hindi pwede yan.
Public property tayo eh.
Ang buhay namin ni Alice.
Public.
And we cannot say no
and keep our child.
But anyway, sabi ko,
pagdasal na lang natin,
everyday we go out,
we just pray for the child.
I'll just pray for his covering.
And so one time,
when we were out,
there was this old lady lumapit sa amin.
Nung kinukuha niya yung isang anak namin,
sabi ng mga tao,
wag yan, wag yan.
Sabi ko, bakit?
Ano yan?
Sabi ko, anong ganyan?
Lumilipad yan paggabi.
Wag mong ibigay yung anak mo.
But we, trusting in God,
pinahawak namin sa kanya.
Nung hinahawakan niya,
blinessed niya yung bata.
She was old.
At tinan mo naman yung anak ko ngayon.
Blessed na blessed yan.
Okay?

Ganon ang ginawa ni Simeon.
Simeon as an old man.
Kulubot-kulubot na yung skin niya
and everything.
Then when he saw Christ,
kinuha niya si Jesus.
And the thing that I would like to
to share with you today,
parents,
sometimes our children,
we have to share them.
They have a higher calling in their life.
Minsan tayo mga nanay, parents,
overprotective tayo.
Pero kailangan,
there are days that you let go of them.
Just trust,
and pray,
and believe God.
God will always protect your children.
Hindi ko naman sinasabi,
gawin nyo yan araw-araw,
kahit kanino, no.
So when Simeon took the child,
he prophesied to the child.
Spoke to the child.
And today, I leave us with this.
God,
God,
in His great love for us,
He calls us to do great things for Him.
He doesn't care how old you are.
He doesn't care kung bata ka o matanda ka.
Once you realize that God has something in store for you,
you come to God.
Our Father,
who stands before you
and clothe you with righteousness,
wala kang maitatago sa kanya.
And He will give you the desires of your heart.
This is what Christmas is all about,
itong story ni Simeon.
It's about the old man's desire.
The old man's desire to go in peace,
to rest.
But he could not do that until he sees the Messiah.
Ngayon, nakita na natin si Jesus.
Ano pang pumipigil sa atin?
Sa mga bagay na talagang dinidesire natin sa puso natin.
Delight yourself in the Lord.
Hold on to God.
Walk with your Father every day.
Hawakan mo yung kamay ng tatay mo araw-araw.
How do you hold the hand of God?
In prayer.
When you pray every day,
kaholding hands mo ang Diyos.
Hawak mo siya sa puso mo.
Be devoted to God in your prayer.
Walk with Him.
If you delight yourself in Him,
He will give you the desires of your heart.
What is it that you desire?
You desire to be well again?

To recover from a sickness?
He can give you that desire.
Amen?
He can give you that desire.
Would you like God to bless your family?
Especially those who have strayed away.
Yung mga lumayo sa pamilya niyo.
God can bring them back.
God can talk to their hearts and bring them back.
Turn their hearts to the Fathers
and the hearts of the Fathers towards their children.
Can God do that?
Of course, He can do that.
All we need to do
is to be devout before God.
Hold on to God.
Nurture that relationship.
After the Mass, kakain tayong lahat.
We will have food there,
but most importantly,
we will have each other.
So yung mga nagsisimba,
nagsisimba na minsan wala tayong oras
na mag-fellowship, mag-usap, magkwentuhan.
Kasi nagmabadali tayo palagi.
This is the time now.
This is now the time that we can just
sit down together at mag-usap naman.
O, kumusta ka?
How are you today?
O, bakit maputin ang buhok mo?
Nakita tayo last year, maitim pa yan.
O, bakit maputin?
Mag-usap kayo.
Magkwentuhan tayo.
Let's have that fellowship.
Once again, to strengthen our bond.
Amen.
Please stand.